EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
MOSCOW, RUSSIAN FEDERATION

17 April 2017

ADVISORY

Mga Minamahal na mga Kababayan sa Russia,

Dahil po sa paghihigpit ng mga awtoridad sa mga lumalabag sa mga batas sa imigrasyon ng Russia, pinaaalala po ng Embassy na **huwag gumawa ng mga bagay na magdudulot ng hindi kinakailangang atensyon,** sa ating tirahan, sa publiko at sa lugar na pinagtatrabahuhan.

Nitong mga nakaraang araw, maraming natanggap na mga ulat ang Embassy ukol sa mga Pilipinong nahuli ng mga kinauukulan na wala o kulang sa tamang dokumento para manatili at magtrabaho sa bansang Russia.

Sa mga pagkakataong ito, handang tumulong ang Embassy sa paraan na naaayon sa patakaran ng Russia. Kasama na dito ang pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad para sa mga detalye ng kaso, pagsama sa korte para sa hearing ng administrative case, pagbigay ng interpreter kung kinakailangan, at pag-alalay sa pagkuha ng "deportation order" o "exit visa". Ito po ay ginagawa ng Embassy para siguruhin na ang karapatan ng isang Pilipino ay iginagalang sa kabuuan ng proseso. **Ang hotline po ng Embassy para sa mga ganitong kaso ay +7 906 738 2538**.

Hindi po ipinapayo o kinukunsinte ng Embassy ang pagsuhol o pagbigay ng pera sa mga awtoridad kapalit ng hindi pagsunod sa tamang proseso. Ito po ay labag sa batas at maaaring magdulot ng pagkakasampa ng isang criminal case laban sa gagawa nito.

Sumasainyo,

CARLOS D. SORRETA
Ambassador

ASEAN 50
PHILIPPINES 2017
PARTNERING FOR CHANGE, ENGAGING THE WORLD

Karmanitsky Pereulok 6/8, 121099 Moscow, Russian Federation
Tel no. +7 (499) 241-05-63 / Fax: +7 (499) 241-26-30
www.moscowpe.dfa.gov.ph